# Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills



Copyright © 2024 GSM Association

# Module 6: Facebook

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo
ng basic mobile internet skills


# Ano ito?

**Ipakita ang Facebook sa phone.**


**Ipaliwanag:** “Ang Facebook ay tumutulong para makakonekta ka sa mga tao sa iyong komunidad, pati na rin sa mga negosyo at taong nasa ibang bahagi ng mundo. Maaari mong gamitin ito para makipag-ugnayan sa mga kakilala sa negosyo, makatanggap ng mga balita, manood ng videos, makipag-ugnayan sa pamilya at mga kaibigan, o sundan ang paborito mong artista o sports team.”

“Gamit ang mga salita, larawan, at video, maaari kang makipag-usap sa isang tao, sa isang piling grupo, o kahit sa mas maraming tao sa iba’t ibang panig ng mundo.”

## Mga kagamitan na kakailanganin mo:



Mga handset na smartphone




Mga poster ng Facebook

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

“Maaari mong gamitin ito para i-promote ang iyong mga produkto at serbisyo.”

“Maaari mong gamitin ito para maghanap ng impormasyon tungkol sa mga negosyong nag-aalok ng mga serbisyo at produkto sa iyong lugar.”

“Maaari mong gamitin ito para humingi ng tulong para sa iyong pagsasaka o negosyo.”

“Maaari mong gamitin ito para manood ng mga video para maaliw.”

## Ano ang maaari mong paggamitan nito?

**Gawin itong makabuluhan** sa trainee sa pamamagitan ng pagtalakay kung paano ito maaaring maging kapakipakinabang sa sariling buhay ng trainee. Isaalang-alang ang mga halimbawa na tugma o kapaki-pakinabang sa sumusunod na klase ng trainees na makikilahok sa inyong sesyon:

**Matatanda:** Manatiling updated sa kung ano ang ginagawa ng iyong mga apo at pamilya.

**Ina o maybahay:** Magbahagi ng balita o update tungkol sa iyong buhay sa iyong mga kamag-anak o kaibigan na nakatira sa malayo; sumali sa mga parenting groups para humingi ng tulong sa ibang mga tao tungkol sa pag-aaral o kalusugan ng iyong anak.


**Magsasaka o mga tao sa kanayunan:** Sumali sa lokal na mga komunidad o grupo ng magsasaka para magtanong at matuto tungkol sa mas magandang mga paraan sa pagsasaka, at para makasabay sa bagong tips at galaw ng merkado; makipag-ugnayan sa lokal na mga kooperatiba o mamimili sa Facebook para palaguin ang iyong negosyo sa pagsasaka at humanap ng mas magandang mga oportunidad para ibenta ang iyong produkto.

**May-ari ng negosyo:** Gumawa ng Facebook page para sa iyong negosyo para mas maraming tao ang maabot. Ibahagi ang mga update at i-promote ang iyong mga produkto o serbisyo. Sumali sa mga grupo ng maliliit na negosyante para makipag-ugnayan, magbahaginan ng ideya, at makahanap ng posibleng ka-partner o empleyado.


**Kabataan:** Magbahagi ng mga larawan at balita sa mga kaibigan para manatiling konektado; sundan ang iyong paboritong mga musikero o atleta bilang inspirasyon; sumali sa mga online study groups upang makatulong sa iyong mga aralin; tuklasin ang mga bagong libangan at sumali sa mga grupo ng may kaparehong interes; matuto ng mga kasanayan at manatiling may kaalaman sa mga paksang interesado ka sa pamamagitan ng panonood ng mga video o pagbabasa ng mga artikulo.

# Paano ito gumagana?


## Ipahawak ang smartphone sa mga trainee at tulungan silang sundan ang mga hakbang.





I-access ang Facebook





"I-like" ang mga sikat na tao, sports at mga balita




Lumikha ng isang account




I-post ang text o mga larawan




Magdagdag ng mga kaibigan

**Tulungan ang trainee** na i-download ang Facebook at magrehistro para sa isang account.

**Tanungin sa kanila** kung ano ang pinakapinapahalagahan nila—tulad ng gustong matutunan, mga oportunidad sa trabaho, sports o libangan, o tungkol sa negosyo nila—at ituon ang oras sa kung ano ang pinaka-mahalaga para sa kanila.

# Magsanay!

**"Ngayon na alam mo na kung paano gamitin ang Facebook, para saan mo ito gustong gamitin?"**


**Trainer:** Tulungan ang trainee na balikan ang isa sa mga poster sa itaas.

**Ipaliwanag:** "Ikaw ang may kontrol kung sino ang nakakakita ng impormasyon na inilalagay mo sa Facebook.

Pwede mong piliin kung sino ang makakakita ng post mo—lahat ng gumagamit ng Facebook (public) o piling kaibigan lang."

## Kaligtasan

"Kung hindi mo ise-set kung sino lang ang puwedeng makakita ng mga post mo sa Facebook, kahit sino ay puwedeng makipag-ugnayan sa'yo. Maaaring magpadala sila ng mga bagay na hindi mo gustong makita o humiling ng personal na impormasyon o pera. Kailanman ay huwag magbahagi ng iyong personal na impormasyon tulad ng PIN sa bangko o address sa mga taong hindi mo kilala. Huwag magpadala ng mga personal na larawan o pera sa mga taong hindi mo kilala o nakilala online; maaaring scam ito."



**Ipakita ang poster ng 'Importanteng tips para manatiling ligtas online.'**

**Talakayin** sa iyong mga trainee kung ano ang ibig sabihin ng tips na ito kapag ginagamit ang Facebook.

Gamitin ang mga makatotohanan at praktikal na halimbawa para sa iyong trainee tungkol sa tips na ito. Halimbawa, maaaring nag-aalala ang ilang mga tao tungkol sa ilang nilalaman ng Facebook. Maaaring nag-aalala ang ilang mga tao tungkol sa mga scammer na gumagamit ng Facebook, habang may mga kababaihan na mas iniisip kung paano makaiiwas sa pambabastos o harassment.

# Mga Poster at Mga Cut-Out

## Toolkit sa Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Mobile Internet

Isang gabay para sa pagtuturo ng basic mobile internet skills

# Importanteng tips para manatiling ligtas online

**Tandaan na bukas ang internet para sa lahat sa buong mundo, kaya dapat itong ituring na parang pampublikong lugar—(gaya ng palengke) na kailangan mong mag-ingat at maging responsable sa mga ginagawa mo online.**

## Tandaan na hindi lahat ng nakikita mo online ay totoo

Kahit sino ay puwedeng mag-post ng kahit ano online, kaya huwag maniwala sa lahat ng nakikita mo. Kahit na mula ito sa isang taong pinagkakatiwalaan mo, maaaring hindi ito totoo. Mag-ingat bago magbahagi ng impormasyon sa iba.

## Mag-isip nang mabuti bago magpadala ng pera sa isang taong nakilala mo online

Mag-ingat sa mga email, mensahe o pop-up na hindi mo hiningi, lalo na kung humihingi sila ng pera o naglalaman ng mga kakaibang link.

## Panatilihing pribado ang personal na impormasyon mo, kabilang ang mga password

Iwasang magbahagi ng mga personal na detalye tulad ng buong pangalan mo, address ng bahay o phone number maliban kung talagang kinakailangan.

## Huwag magdulot ng pinsala sa iba online

Maging mabait at magalang. Huwag mang-bully, magkalat ng maling impormasyon o mang-harass ng sinuman. Ang iyong mga aksyon online ay maaaring makaapekto sa mga tao sa totoong buhay.


## Maging mapagbantay sa mga scam at manloloko

Katulad sa totoong buhay, nasa internet din ang mga magnanakaw at kriminal. May mga taong nagpapanggap na ibang tao online.

## Kumilos sa pamamagitan ng pag-block o hindi pagpansin sa taong nang-iistorbo sa iyo


Kung may nang-aabala o nangha-harass sa iyo online, humingi ng tulong at sabihin sa isang tao o i-report ito.

# Mga Gastos sa Data




Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano i-download ang Facebook app sa smartphone




Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano lumikha ng isang account 1/3




Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano lumikha ng isang account 2/3




# Paano lumikha ng isang account 3/3

**13**





Magdagdag ng larawan

**14**





I-on

**15**





Magdagdag ng mga Kaibigan

**16**




I-on ang mga Notification


**17**



Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano magdagdag ng mga kaibigan


## 1




## 2




## 3




Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano i-follow ang mga page


1





2




3





4




Paano gamitin ang **Facebook**

# Paano gumawa ng post



Mga Cut Out ng Icon

# Facebook



Mga Cut Out ng Icon

# Facebook



Mga Cut Out ng Icon

**Facebook**



Mga Cut Out ng Icon

**Facebook**



Mga Cut Out ng Icon

**Facebook**



Mga Cut Out ng Icon

**Facebook**

